



Ang Magkaibigang Tomas at Punay

Sa isang baryong napapaligiran ng malalaki at matatandang puno, nabuo ang pagkakaibigan ni Tomas at ng ibong si Punay.


Tuwing hapong galing sa paaralan, umaakyat si Tomas sa puno ng balete para bigyan ng pagkain si Punay. Pagkatapos, maghahabulan sila pababa at pataas . Sabay din silang aawit.

Isang araw, sabik na sabik na umuwi si Tomas na may dala-dalang mga butil ng mais para kay Punay.

“Tweet...tweet...Punay, Punay...Nasaan ka? Ngunit walang sumasagot.

“Nay, nay! Nakita niyo po ba si Punay?” tanong ni Tomas.

Ngunit wala si Punay. Hanap dito, hanap doon si Tomas. Ngunit hindi na niya ito nakita.





Dahil dito,
halos hindi makakain
at makatulog si Tomas.

Samantala, sa malayong lugar, si Punay ay nagpapakasaya. Nagpapalipat-lipat siya sa mga punong mayayabong at hitik sa bunga. Hindi niya naaalala ang kaibigang iniwan.

Nakikita ni Inang Kalikasan ang lahat ng nangyayari. Napaiyak siya sa lungkot at awa kay Tomas. Umulan ng malakas. Huminga siya nang malalim at nagdala naman ito ng malakas na hangin. Nalagas ang mga dahon, nabali ang mga sanga ng punong-kahoy, at nalalaglag ang mga bunga nito.

Basang-basa at nanginginig sa lamig si Punay. Gutom na gutom at pagod na pagod na rin siya. Dito niya naalala ang kaibigang si Tomas na iniwan niya nang walang paalam. Naalala din niya ang mayabong, mataas at napakatatag na kahoy ng balete na naging tahanan niya at laruan nila.





Sa oras ding iyon,
agad siyang lumipad na pabalik.

Habang nagwawalis sa bakuran ay narinig ni Tomas
ang huni ng isang ibon!

“Si Punay nga!”

Dali-dali niyang inabot ang kanyang kamay at
dumapo si Punay. Tuwang-tuwa ang magkaibigan. Mula
noon, hindi na sila naghiwalay.